Set Apart

# Kabanalang Nawala

WEEK 2

## WARM-UP

- Ikaw ba ang klase ng tao na gustong intindihin nang mag-isa ang mga bagay-bagay, o agad-agad kang humihingi ng tulong? Bakit?
- Ano ang isang pagkakataon kung kailan may nagawa ka (o hindi nagawa) dahil sa kayabangan? Ano ang natutunan mo dahil sa karanasang ito?
- May pagkakataon bang nasira mo ang tiwala sa iyo ng isang tao, o kaya ay nawalan ka ng tiwala sa iba? Ano ang nangyari?

## WORD

1 *Sa lahat ng hayop na nilikha ng PANGINOONG Diyos, ang ahas ang pinakatuso. Minsan, tinanong ng ahas ang babae, "Totoo bang pinagbabawalan kayo ng Diyos na kumain ng bunga ng alin mang puno sa halamanan?"*
2 *Sumagot ang babae, "Makakain namin ang kahit anong bunga ng puno rito sa halamanan,*
3 *maliban lang sa bunga ng puno na nasa gitna ng halamanan. Sapagkat sinabi ng Diyos na hindi kami dapat kumain o humipo man lang ng bunga ng punong iyon. Kapag ginawa namin iyon, mamamatay kami."* **GENESIS 3:1–3**

(Basahin din ang **GENESIS 3:4–8, 21.**)

Ang halamanan sa Eden ay isang mahalagang lugar kung saan maaaring magsimula. Nang likhain ng Diyos ang mundo at ang lahat ng narito, ang lahat ay naaayon sa Kanyang orihinal na disenyo. Nilikha Niyang mabuti, makatuwiran, at banal ang lahat. Pero nang mangyari ang Pagkakasala, nawala ang kabanalang ibinigay sa sangkatauhan nang sila ay likhain. Ngayong araw, pag-uusapan natin kung paano nawala ang kabanalan at kung ano ang plano ng Diyos para maibalik ito.

## 1 Ang lalaki at babae ay nagkasala laban sa isang banal na Diyos.

*Nang pinagmasdan ng babae ang puno, napakaganda nitong tingnan at ang bunga ay parang masarap kainin, at dahil sa pagnanais niyang maging marunong, pumitas siya ng bunga at kumain nito. Binigyan din niya ang kanyang asawa na kasama niya, at kinain din ito.* **GENESIS 3:6**

Sa napakahalagang sandali kung kailan kinain nina Adan at Eva ang ipinagbawal na bunga, sinira nila ang pagtitiwala ng Diyos. Nagtiwala sila sa salita ng ahas at hindi sa salita ng Diyos at naging makasarili. Ginusto nilang maging tulad ng Diyos. Nagsimula ito sa makasarili at walang kabanalang pagnanasa, na kalaunan ay nakita sa hindi nila pagsunod. Sa mga tao sa kasalukuyang panahon, paano nakakapagdulot ng kasalanan ang *masasamang hilig ng laman, ang pagnanasa sa mga nakikita ng mata, at ang anumang pagmamayabang sa buhay* (1 Juan 2:16)?

---

---

## 2 Nawala ng sangkatauhan ang banal nitong katayuan.

*[7]Pagkatapos nilang kumain, nalaman nila kung ano ang mabuti at ang masama, at napansin nila na hubad pala sila. Kaya pinagtagni-tagni nila ang mga dahon ng puno ng igos para ipantakip sa kanilang katawan. [8]Pagdating ng hapon, narinig nila na lumalakad ang PANGINOONG Diyos sa halamanan. Kaya nagtago sila sa mga puno doon.* **GENESIS 3:7–8**

Malaki ang naging epekto ng hindi pagsunod ng unang lalaki at unang babae. Nawala ang kabanalan sa sangkatauhan dahil hindi na nila ibinukod ang kanilang sarili para sa Diyos lamang. Ang paghahangad ng mga tao sa mga makasalanang pagnanasa at pagpiling humiwalay sa Diyos ay nagbunga ng takot, pagkakasala, at kahihiyan. Naging tiwali ang tao at ang iba pang nilikha at napasailalim sa kamatayan at pagkabulok.

Simula noon, ang buong sangkatauhan ay nawalan ng kabanalan at nagmamana ng pagiging likas na makasalanan. Sa Mga Taga-Roma 5:19, paano ipinaliwanag ni Pablo ang pagiging likas na makasalanan na nagmula kina Adan at Eva? Anong mga pagsubok ang naranasan mo tungkol sa iyong pagiging likas na makasalanan habang sumusunod ka sa Diyos?

## 3 Ipinahayag ng Diyos ang plano Niyang ibalik ang kabanalan ng sangkatauhan.

*Pagkatapos, gumawa ang PANGINOONG Diyos ng damit mula sa balat ng hayop para kay Adan at sa asawa nito.* **GENESIS 3:21**

(Basahin din ang **GENESIS 3:7–8.**)

Pagkatapos ng pagsuway nina Adan at Eva, ipinahayag ng Diyos ang Kanyang plano na ipanumbalik ang sangkatauhan. Sinubukang itago nina Adan and Eva ang kanilang kasalanan. Tinakpan nila ang kanilang kahubaran gamit ang mga dahon. Sinisi nila ang Diyos, ang isa't-isa, at ang ahas. Pero wala sa mga ito ang makatanggal ng kanilang kahihiyan at kasalanan. Dahil dito, dinamitan sila ng Diyos ng damit na gawa sa balat ng hayop. Kinailangang mamatay ng isang inosenteng hayop, at inilarawan nito ang sakripisyong gagawin ni Jesus sa krus para tubusin at iligtas ang sangkatauhan. Kumakatawan ang mga damit na ito sa katuwiran na maaari lamang manggaling sa Diyos. Hindi natin magagawa o mapaghihirapan ang ating pagiging matuwid. Isinusuot ito sa atin ng Diyos upang makaharap tayo sa Kanya at mapalapit sa Kanya at sa Kanyang kabanalan. Paano tayo dapat tumugon ngayong alam nating sa simula pa lamang ay plano na ng Diyos na ibalik tayo sa tamang ugnayan sa Kanya?

## APPLICATION

- Napakapangit ng sitwasyon natin dahil sa kasalanan. Paano makakatulong ang kaalaman tungkol dito upang lumago ang pagpapahalaga mo sa ebanghelyo? Anong mga kaisipan ang maaapektuhan ng katotohanang ito?
- Ano ang ilang mga bagay na ginagawa mo para pagbayaran ang mga kasalanan mo? Paano ka makakatugon sa dakilang habag ng Diyos?
- Ang lahat ng sakit, kahihiyan, at pagkamuhi sa mundo ngayon ay bunga ng kasalanan. Isulat ang ilang praktikal na pamamaraang magagawa mo sa kabila ng mahirap na panahon upang makibahagi sa plano ng Diyos na ihiwalay ang grupo ng mga mamamayang para sa Kanya.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa Kanyang dakilang plano na makapagbukod ng mga banal na tao para sa Kanya.
- Humingi sa Diyos ng kalakasan at biyaya upang patuloy kang mamuhay para sa Kanya at sa katuwirang isinuot Niya sa iyo.
- Ipanalangin ang isang taong kilala mo na kailangang maunawaan ang pagpapanumbalik na ginagawa ng Diyos. Humingi sa Kanya ng mga salitang maaari mong sabihin at mga pagkakataon upang mapalakas ang loob ng taong ito.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Ruth Gloria, Esther Suson

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.